



**Kumilos Ngayon.
Manatiling Ligtas.**

actnowstaysecure.gov.au

Ano ang iyong inilalagay sa peligro sa online?

Nang dahil sa mabilis ang pag-usad ng teknolohiya at mas maraming oras tayong manatili sa online, ang mga Australyano ay napakadaling tamaan (vulnerable) ng mga pang-aatake sa cyber.

Ang kampanyang Kumilos Ngayon. Manatiling Ligtas. (Act Now. Stay Secure.) ay pagtuturo sa mga Australyano tungkol sa mga simpleng ligtas na mga aksyon sa cyber na magagawa ng lahat upang maprotektahan ang kanilang mga sarili sa online.

Kumilos Ngayon. Manatiling Ligtas.

Paano ang pagiging ligtas sa online

Gumamit ng isang pambihira at matibay na passphrase sa bawa't account.

Ang paggamit ng isang pambihira at matibay na passphrase para sa bawa't isa ng iyong mga account sa online ang siyang mga pinaka-epektibong aksyon na magagawa mo upang magpanatiling ligtas sa online.

Ang isang passphrase ay mas ligtas na password. Naglalaman ito ng isang pagkakasunod-sunod na mga salita. Mas madali para sa iyo na matandaan ang mga ito ngunit mas mahirap na mahulaan ng mga kriminal sa cyber.

Upang maging matibay at pambihira, tiyakin na ang iyong mga passphrase ay:

- ✓ mayroong apat o mahigit na psumala (random) na mga salita
- ✓ naglalaman ng 15 o mahigit na mga titik/katangian
- ✓ magkakaiba sa bawa't account
- ✓ huwag magsama ng nakakatukoy na impormasyon tulad ng mga apelyido, petsa ng kapanganakan o tirahan
- ✓ isali ang mga simbolo, malaking titik, o numero, kung kinailangan ng website o serbisyo.

Isaalang-alang na gumamit ng isang tagapamahala ng password para sa pagbubuo at pagtatago ng iyong mga pambihirang passphrase.

Ikarga ang lahat ng mga update para sa software upang panatiliing ligtas ang iyong mga kagamitang elektronikong (devices).

Ang palagiang pagkarga ng mga update para sa lahat na elektronikong kagamitan mo na konektado sa internet (katulad ng iyong telepono, laptop o smart na relo) ay mahalaga upang mapanatili kang ligtas sa online.

Ang mga update sa software ay nagsasa-ayos sa mga kahinaan o patlang (gap) sa seguridad ng iyong mga elektronikong kagamitan (device). Ang regular na pagkakarga ng mga update ay magpapanatili sa iyong mga elektronikong kagamitan na ligtas at mahihirapan ang mga kriminal sa cyber na ma-access ang mga ito.

Ilagay sa 'on' ang otomatikong mga pag-update at siguraduhing ikarga ang mga ito kapag nagsabi na gawin.

Palaging mag-set up ng multi-factor na pagpapatunay (authentication)

Ilagay sa 'on' ang multi-factor authentication kung mayroon upang madagdagan ang lebel ng seguridad sa lahat ng iyong mga account sa online.

Ang multi-factor authentication ay nangangailangan ng dalawa o higit pang paraan ng pagpapatunay sa pagpasok sa iyong account. Halimbawa, kapag nailagay na ang iyong password o passphrase, ikaw ay uudyukan na magbigay ng pangalawang pagpapatunay kagaya ng paglalagay ng code na ipinadala sa iyo sa pamamagitan ng authenticator app, email o text.

Ang multi-factor authentication ay nagpoprotekta sa iyong account kahit na ang isa sa iba mong paraan ng pagpapatunay ay (katulad ng isang passphrase) ay nakompromiso.



**Kumilos Ngayon.
Manatiling Ligtas.**

actnowstaysecure.gov.au

Gusto mo pang malaman ang mga ibang paraan para maging ligtas sa online?

Naghahanap ka ba ng karagdagang paraan upang mapanatili kang ligtas sa cyber? Narito ang ilan sa mga aksyon na magagawa mo upang maprotektahan ang iyong sarili sa online.

Maging maingat kapag gumagamit ng pampublikong Wi-Fi

Kapag gumagamit ng pampublikong Wi-Fi, huwag pumasok para gumamit (access) ng anumang sensitibo o pribadong impormasyon dahil ang koneksyon ay hindi ligtas. Kinabibilangan nito ang iyong social media, email o online na pagbabangko. Anumang impormasyon na iyong ipinasok ay magagamit ng mga kriminal sa cyber.

I-tsek at i-update ang iyong mga setting sa pagkapribado at lokasyon sa tuwina

Mahalaga na palaging i-tsek ang mga setting ng iyong pagkapribado at lokasyon upang matiyak na hindi ka aksidenteng nagkamali na nagbabahagi sa publiko ng iyong personal o nakakatukoy na impormasyon tungkol sa iyong sarili.

Ang mga setting sa pagkapribado na dapat i-tsek ay kinabibilangan ng iyong mga account sa social media at pagsusubaybay sa lugar (geolocation tracking) na nasa iyong mga app at elektronikong kagamitan (device).

Pag-usapan sa pamilya at mga kaibigan kung paano ang maging ligtas sa cyber

Ang pagkakatatoto at pagkakamulat ay mahalaga upang mapanatili ang kaligtasan sa online sa iyong sarili, sa iyong pamilya at mga kaibigan na ligtas sa online – lalo na kung kayo ay naghahatian (share) sa paggamit ng mga kagamitan na konektado sa internet. Sa pag-uusap-usap ninyo ng mga kaugnayan mo tungkol dito, ay magpapanatili na nasa ibabaw sa isipan ng lahat ang kaligtasan sa cyber at magtitiyak na tumatanggap sila ng pinakabagong impormasyon tungkol sa kung paano maprotektahan ang kanilang mga sarili sa online.

Matuto kung paano matutukoy ang isang scam

Ang mga manlilinlang (scammers) ay nanloloko ng mga tao na magbayad ng pera o magbigay ng kanilang mga personal na impormasyon.

Huwag na huwag magbibigay ng pera o personal na impormasyon sa sinuman kung hindi ka nakatitiyak kung sino ang iyong kausap. Mag-tsek sa pamamagitan ng pagtawag sa tao o organisasyon na gamit ang mga detalye na natagpuan mo sa isang opisyal na website o app.

Isumbong ang mga pang-aatake at insidente sa cyber

Mahalaga ang pagsusumbong ng mga panloloko (scams) o mga insidente sa cyber upang makatulong sa pamahalaan na matukoy ang mga bagong nauuso, maalertuhan ang komunidad at matulungan kang makabawi sa insidenteng cyber.

Alamin ang mga simpleng hakbang para maprotektahan ang iyong sarili sa actnowstaysecure.gov.au



**Kumilos Ngayon.
Manatiling Ligtas.**

actnowstaysecure.gov.au